**Pananampalataya laban sa Kung, Ngunit, Paano**

Lord's Flock Praise & Worship Topic
By: Sis. Techie Rodrigue, Elder-Founder
Oktubre 26, 2024

Ang mga salitang KUNG at NGUNIT ay mga salitang kundisyonal at ang paggamit sa mga ito ay nagiging hadlang sa ating pananalig at sa ating landas ng tagumpay. Naapektuhan nila ang buhay ng mga pangunahing tauhan sa Bibliya. Naaapektuhan din nila ang buhay natin. Kaya, labanan natin ang mga negatibong epekto ng mga salitang ito sa ating isipan. Sa halip, magtiwala tayo sa Diyos sa lahat ng ating ginagawa at buong puso nating sundin ang Kanyang mga utos.



1. **Ang KUNG**

   **1.1 Ano kaya kung . . .?**

   - Ano kaya kung di nagkasala sina Adan at Eba? Perpekto sana ang ating buhay dito sa mundo dahil nilikha ng Diyos na perpekto ang lahat (Gen. 1-3).
   - Maraming beses na sinabi ni Moses "Ano kung" noong kinausap siya ng Diyos para kausapin niya ang Faraon na palayain ang mga Israelita sa pang-aalipin (Exo. 3:7-11).

   **1.2 KUNG sana** …

   - naging mapalad ako sa pag-ibig
   - nakinig ako sa aking mga magulang
   - naging seryoso ako sa aking pag-aaral
   - nagkaroon ako nang mas maayos na hanapbuhay, higit na maganda ang buhay

   **1.3 Ano ang mga epekto ng KUNG sa ating buhay?**

   Ito ay hindi nakabubuti sa ating pisikal at espiritwal na buhay. Napaparalisa tayo dahil ang takot ay nagbubunga ng *stress* at ang *stress* ay may masamang epekto sa ating kalusugan. Dagdag pa nito, ang takot ay kasalungat ng tiwala. Lumalayo tayo sa Diyos dahil sa pagdududa. Sagabal ito sa ating espiritwal na paglago at sa relasyon natin sa Diyos.

2. **NGUNIT**

   Ang salitang "NGUNIT" ay nabanggit sa Bibliya ng 3,800 beses. May malalim na epekto ito sa ating kondisyong espiritwal at relasyon sa Diyos. Ipinapakita rin na imposible na ang lahat maliban lamang kung ano ang nabanggit.

   2.1 Iniutos ng anghel kay Lot at ng kanyang pamilya na magpatuloy at huwag lilingon; ngunit ang asawa ni Lot ay hindi sumunod at naging haliging asin (Gen. 19:26).

   2.2 Sinabi ni Moses "NGUNIT sino po ako na haharap sa Faraon at maglalabas sa bayang Isarel mula sa Egipto?" (Ex.12:11).

   2.3 NGUNIT …

   -hindi ko kaya;Bata pa ako;Matanda na ako.
   - wala akong pinag-aralan.
   - wala akong maiaambag.
   - susunod sana ako NGUNIT…

3. **PAANO**

   Paano natin lalabanan ang KUNG at NGUNIT sa ating buhay?

   3.1 Dapat buong puso natin sundin ang mga utos ng Diyos at angkinin ang Kanyang mga pangakong biyaya sa Banal na Kasulatan (Deut. 28; Mal. 3:10; Phil. 4:13 at 4:19).

   3.2 Dapat lagi nating binibigkas ang ating pinaniniwalaan (Mt. 8:8, 9:29, 21:21; Ro.8:28, 10:10; Prov. 18:21; Jn. 1:12; 1 Cor. 4:7; Heb. 11:6).

**Konklusyon:** Maiksi lamang ang buhay. Lahat ay posibleng mangyari; at walang saysay ang pag-iisip ng mga KUNG, at mga NGUNIT sa ating buhay. Magsumikap na maging positobo at masunurin sa kalooban ng Diyos. At talaga naman, mapapasaatin ang mga pagpapala (Deut. 28:1-14).

**Pagninilay**:

1. Kumusta ang relasyon mo sa Diyos? Gaano kalalim ang iyong pananampalataya?
2. Gaano kadalas ang pagsunod mo sa Diyos na walang mga KUNG at mga NGUNIT?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
**Tags: #Pagsunod #Pananalig #Pagpapala**